KALIGTASAN SA TRABAHO

ANO ANG DAPAT NINYONG MALAMAN...



S-1001-91T

Ang Cal/OSHA ay siyang programa sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho na sumasaklaw sa mga nagtatrabaho sa buong estado. Ang mga batas ng Cal/OSHA ay pinaiiral ng Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho.

Isa sa mga batas na iyan ay ipinag-uutos na ang iyong pinaglilingkuran ay magkaroon ng *Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala.* Kailangang *nakasulat* at *pairalin ito.*

Kayo at ang inyong pinaglilingkuran ay maaring magtulungang gumawa ng mabuting Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala ng inyong samahan.

Ang magandang programa ay:

- Makakatulong sa inyong kaligtasan sa pinsala at kapansanan sa trabaho

- Makakatulong sa inyong pinaglilingkuran upang mabawasan ang mga aksidente at sakit sa trabaho.

Ang sabi ng batas ay...

Ang inyong pinaglilingkuran ay dapat kayong bigyan ng pagsasanay sa inyong kaligtasan:

- Kung ang *Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala* ay naitatag na.
- Kung kayoy magsisimula sa bagong trabaho.
- Sa bawat bagong itinakdang gawain.
- Sa bawat bagong paraan, alituntunin, sangkap o kagamitan na makagagawa ng bagong panganib.



Ang inyong pinaglilingkuran ay dapat ding:

- Makipag-usap sa inyo sa paraang naiintindihan ninyo.
- Himukin kayong ipagbigay-alam ang mga nakakapinsalang kalagayan na hindi kayo takot na mapagalitan.
- Iwasto ang mga nakakapinsala sa kalusugang kalagayan sa trabaho at mga gawain sa lalong madaling panahon.
- Pasunurin kayo sa mga gawaing makakaligtas sa inyo sa pinsala.

Kailangang malaman ninyo...

Ang *Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala* ay sasabihin sa iyo:

- Kung papaano ipaalam ang kapinsalaan o sakit na nakuha sa trabaho.
- Sino ang magbibigay ng inyong pagsasanay sa inyong kaligtasan at kalusugan, at kung kailan isasagawa ito.
- Papaano ipaalam ang problema sa kaligtasan o kalusugan na nakita ninyo sa trabaho.
- Papaano matagpuan ang taong may pananagutan sa *Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala* ng inyong samahan.



Ang inyong pinaglilingkuran ay maaaring parusahan ng Cal/OSHA kung kayo o ang inyong kasamahan sa trabaho ay lumabag sa mga regulasyon sa kaligtasan sa pamamagitan ng hindi ninyo pagsunod sa mga mabuting gawain sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho. Kung mayroon kayong hindi naiintindihan ukol sa pagtatrabaho na walang peligro o sa *Programa sa Pag-iwas ng Sakit at Pinsala,* ay mangyaring tanungin lamang ang inyong pinag-lilingkuran. Magagamit ninyo ang impormasyon na ito upang makapagtrabaho na maiwasan ang pinsala, at manatiling ligtas sa mga magastos na aksidente at kapinsalaan sa trabaho.